CHECKLIST NG KALIGTASAN NG MANGGAGAWA PARA SA MGA LUGAR NG PAGLILINIS NG SUNOG ☑

STATE OF CALIFORNIA
CAL OSHA
DEPARTMENT OF INDUSTRIAL RELATIONS

Mapanganib ang trabaho ng paglilinis, pagtanggal, at demolisyon pagkatapos ng sunog. Maaari nitong ilantad ang mga manggagawa sa nakakalason na abo at mga labi, asbestos, mga kemikal na sangkap, hindi matatag na mga istruktura at iba pang mga panganib. Sa ilalim ng mga regulasyon sa kaligtasan sa lugar ng trabaho ng Cal/OSHA, kinakailangang kilalanin ng mga employer ang mga panganib na ito at magbigay sa mga manggagawa ng wastong pagsasanay, personal na kagamitang pamproteksyon (PPE) at iba pang proteksyon. Ang paglilinis pagkatapos ng sunog, kabilang ang pagtanggal ng abo, uling, at mga labi, at paglilinis ng mga istrukturang nasira ng sunog o usok, ay hindi itinuturing na serbisyong pambahay. Ang mga empleyado na gumagawa ng gawaing ito ay saklaw ng mga pamantayan sa kalusugan at kaligtasan ng Cal/OSHA. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga kinakailangan sa kaligtasan ng manggagawa ng Cal/OSHA sa panahon ng paglilinis ng sunog, tingnan ang:

Kaligtasan at kalusugan ng site: https://www.dir.ca.gov/dosh/wildfire/worker-health-and-safety-during-fire-cleanup.html

Proteksyon sa paghinga: https://www.dir.ca.gov/dosh/fire_resp_protection.html

Personal na Kagamitang Pamproteksiyon (Personal Protective Equipment, PPE): https://www.dir.ca.gov/dosh/wildfire/Protective-Equipment-During-Fire-Cleanup.html

PAGPAPLANO AT PAGSASANAY

Bago magsimula sa trabaho, ang mga employer ay kinakailangang:

1. Magtatag ng isang epektibong plano upang tukuyin ang mga panganib sa site at ipaalam ang mga ito sa mga manggagawa;
2. Tiyakin na nakumpleto na ng mga manggagawa ang 40-oras na pagsasanay sa Hazardous Waste Operations and Emergency Response (HAZWOPER); at
3. Magbigay sa mga manggagawa ng tamang PPE, kabilang ang proteksyon sa paghinga.

MGA HALIMBAWA NG MGA PANGANIB SA SITE

- Elektrisidad, mga naputol na linya ng kuryente, mga solar panel
- Mga hindi matatag na istruktura, mga hukay, at mga puno
- Insulasyon ng asbestos, mga tile, at siding
- Nakakalason na abo at alikabok, pestisidyo, mga panggatong, mga produktong kemikal
- Mga compressed gas cylinder, mga tangke ng gasolina sa ibabaw ng lupa at sa ilalim ng lupa
- Mga nakapaloob na espasyo na may mababang antas ng oxygen at nakalalasong atmospera
- Mga spore ng Coccidioides sa lupa (Valley Fever)
- Mabibigat na kagamitan at trapiko ng mga sasakyan
- Sakit sa init
- Carbon monoxide mula sa paggamit ng mga kagamitang pinapagana ng gasolina sa mga nakapaloob na espasyo

PERSONAL PROTECTIVE EQUIPMENT (PPE)

Kinakailangang magbigay ang mga employer ng sumusunod na PPE sa mga manggagawa sa mga site ng paglilinis, pag-alis, at demolisyon ng sunog. Ang mga manggagawa ay dapat sanayin sa paggamit, pagpapanatili, at mga limitasyon ng PPE.

- ☐ Isang elastomeric air-purifying respirator (APRs) na may kasamang high-efficiency particulate air (HEPA) filter, kasama ang organic vapor (OV) at formaldehyde cartridge. Maaaring gumamit ng P100, N100, o R100 na filter bilang kapalit ng HEPA filter (T8CCR 5144).
- ☐ Upang maiwasan ang mga pekeng produkto, mangyaring bisitahin ang NIOSH Certified Equipment List (https://www.cdc.gov/niosh/npptl/topics/respirators/cel/default.html).
- ☐ Maaaring gamitin ang mga N95 respirator kung nasunog lamang ang mga halaman o hindi ginagamot na kahoy, kapalit ng isang elastomeric APR.

Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan sa Cal/OSHA Call Center sa 833-579-0927, Lunes–Biyernes, mula 9 a.m.–7 p.m. Ang mga reklamo tungkol sa kaligtasan at panganib sa kalusugan sa lugar ng trabaho ay maaaring isumite nang kumpidensyal sa mga tanggapan ng distrito ng Cal/OSHA.
www.dir.ca.gov/dosh | www.dir.ca.gov/dosh/Worker-Health-and-Safety-in-Wildfire-Regions.html

CHECKLIST NG KALIGTASAN NG MANGGAGAWA PARA SA MGA LUGAR NG PAGLILINIS NG SUNOG

Personal na Kagamitang Pamproteksyon (ipinagpapatuloy)

- ☐ Hardhat
- ☐ Proteksiyon sa mata
- ☐ Proteksyon sa pandinig para sa mabibigat na kagamitan at mga tool na pinapagana ng kuryente
- ☐ Mga coverall na pang-buong katawan na may takip sa ulo
- ☐ Mga guwantes na lumalaban sa kemikal at hiwa
- ☐ Mga pamproteksiyong bota sa trabaho
- ☐ Proteksyon laban sa pagkahulog para sa mga manggagawa sa matataas na lokasyon

MGA LIGTAS NA KASANAYAN SA TRABAHO

Ang Cal/OSHA ay nangangailangan ng ligtas na kasanayan sa trabaho sa mga lugar ng paglilinis, kabilang ang mga sumusunod:

- ☐ Dapat sanay ang mga manggagawa at dapat ang site ay maging ligtas na pasukan bago simulan ang trabaho (T8CCR 5192, 1509, 1510 at 3203).
- ☐ Dapat magsuot ang mga manggagawa ng kanilang PPE, kabilang ang proteksyon sa paghinga (T8CCR 5192).
- ☐ Ipaalam sa mga kumpanya ng gas, kuryente, at iba pang underground utilities nang hindi bababa sa 48 oras bago pumasok sa site upang matiyak na ang lahat ng mga utility ay nakasara at maayos na namarkahan (T8CCR 1541(b)(2). Makipag-ugnayan sa DigSafe sa (811).
- ☐ Tanging mga kwalipikadong manggagawa sa elektrisidad lamang ang pinapayagang magtrabaho malapit sa mga linya ng kuryente at magpanumbalik ng kuryente (T8CCR 2940).
- ☐ Dapat gamitin ang tubig upang sugpuin ang alikabok at mga labi (T8CCR 5141 at 1532.3).
- ☐ Ang mga manggagawa ay dapat bigyan ng proteksyon laban sa pagbagsak kapag nagtatrabaho sa mataas (Tingnan ang https://www.dir.ca.gov/dosh/dosh_publications/Fall-Protection-in-Construction-fs.pdf).
- ☐ Ang mga manggagawa ay dapat protektahan laban sa mga panganib ng pag-impale (T8CCR 1712).
- ☐ Ang mga manggagawa ay dapat bigyan ng tubig, pahinga, at lilim upang maiwasan ang sakit sa init (T8CCR 3395).
- ☐ Hindi dapat ikonekta ang mga generator ng kuryente sa mga nakapirming kable (T8CCR 2320.9).
- ☐ Dapat maglagay ng kontrol sa trapiko at mga flagger kapag nagpapatakbo ng mabigat na kagamitan (T8CCR 1598 at 1599).
- ☐ Dapat magkaroon ng handa na access ang mga manggagawa sa isang first-aid kit, fire extinguisher, portable eye wash station, at banyo (T8CCR 1512, 3400, 1922, 1526, 1527, 5162, 5162).
- ☐ Tumawag kaagad sa 911 kung may malubhang pinsala o karamdaman.
- ☐ Dapat magkaroon ng handa na access ang mga manggagawa sa mga pasilidad sa paghuhugas ng kamay para magamit bago magpahinga, kapag umalis sa lugar ng trabaho, at pagkatapos alisin ang PPE (T8CCR 1524(a), 1527(a), 5192(k)).
- ☐ Ang mga operator ng chainsaw ay dapat sumunod sa mga regulasyon ng chainsaw ng Cal/OSHA (T8CCR 6283).
- ☐ Dapat sundin ng mga manggagawa ang mga pamamaraan ng dekontaminasyon at tanggalin ang PPE bago magpahinga at bago umuwi upang maiwasan ang pagkakalantad sa mga nakakalason na sangkap at kontaminasyon ng mga pribadong sasakyan at tirahan (T8CCR 5192).

CAL/OSHA

Ang mga manggagawa sa California ay protektado kahit ano pa man ang kanilang katayuan sa imigrasyon. Ang mga manggagawa na may mga katanungan tungkol sa kaligtasan at kalusugan sa lugar ng trabaho ay maaaring tumawag sa 833-579-0927 upang makipag-usap sa isang live na bilingual na kinatawan ng Cal/OSHA sa pagitan ng 9:00 a.m. at 7:00 p.m. Lunes hanggang Biyernes.

Ang mga reklamo tungkol sa mga panganib sa kaligtasan at kalusugan sa lugar ng trabaho ay maaaring isumite nang kumpidensyal sa mga tanggapan ng distrito ng Cal/OSHA.

Ang lahat ng mga regulasyon ng Cal/OSHA title 8 na nakalista sa itaas ay makikita sa: https://www.dir.ca.gov/samples/search/query.htm

Ang mga employer na may mga tanong o nangangailangan ng tulong sa mga programa sa kalusugan at kaligtasan sa lugar ng trabaho ay maaaring tumawag sa Cal/OSHA's Consultation Services Branch sa 800-963-9424.

Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan sa Cal/OSHA Call Center sa 833-579-0927, Lunes–Biyernes, mula 9 a.m.–7 p.m. Ang mga reklamo tungkol sa kaligtasan at panganib sa kalusugan sa lugar ng trabaho ay maaaring isumite nang kumpidensyal sa mga tanggapan ng distrito ng Cal/OSHA.
www.dir.ca.gov/dosh | www.dir.ca.gov/dosh/Worker-Health-and-Safety-in-Wildfire-Regions.html